

Pagpupulong sa Alagad ng Batas o mga Piskal

Isang mabilis na checklist para sa pagtataguyod sa iyong sarili sa paligid ng mga sistema

- Maaari kang magtanong tungkol sa mga opsyon para sa mga lokasyon ng pagpupulong. Ang lokasyon ng pagpupulong ay hindi dapat palaging nasa istasyon ng pulisiya o sa opisina ng Abogado ng Distrito.
 - Ano ba ang ligtas na lokasyon para sa iyo?
 - Pwede ba kayong magkita sa mga pampublikong negosyo, sentro ng komunidad, o sa iyong bahay?
 - Kung ang pakikipagkita ng personal ay hindi ligtas, magtanong tungkol sa birtuwal na pagpupulong.
- Kung meron kang Tagataguyod ng Biktima, sila ay dapat nagtatanong tungkol sa mga pangangailangan ng transportasyon. Kung hindi pa sila nagtanong, maaari kang magtanong sa kanila tungkol sa mga bagay gaya ng:
 - Tiket ng Bus
 - Taksi
 - Pagsasauli ng mga ibinayad sa gastos sa paglalakbay
 - Mga opsyon/tulong sa pangangalaga ng bata
- Paalaala na ang Bias Response Hotline ay maaaring makatulong sa mga gastos nito kung hindi kaya ng Tagataguyod ng Biktima.
- Ano pa ang ibang mga pangangailangan sa aksesibilidad ang meron ka? Ang mga serbisyo sa interpretsyon ng wika ay kailangan ba?
- Sino ang gusto mong makasama bilang taong tagasuporta?
- Magtanong kung sino pa ang dadalo sa pagpupulong/pagdinig.
- Gusto mo bang magtalaga ng tao bilang pangunahing punto ng pagkikipag-ugnayan sa pagsisiyasat?
- Ano ang mga tanong *mo* para sa *kanila*? Gumawa ng listahan at maglaan ng oras sa pagbabasa nito.

- Maaari kang magdala ng panulat at papel para isulat ang mga sagot at mga tanong.
- Magtanong tungkol sa kanilang kaalaman sa mga krimen ng pagkamuhi at mga insidente ng hindi patas na pagtingin.
- Magtanong kung ang pagpupulong ay itatala o hindi. Ipaalam sa kanila ang iyong antas ng kaginhawaan nito.
- Ano ang mga karapatan ng biktima sa konstitusyon at batas ang magagamit mo?
- Magtanong kung paano mapoprotektahan ang iyong pribadong sarili.
- Kung ikaw ay may mga karagdagang insidente na nangyari, magtanong kung paano mo ito iuulat.
- Humingi ng kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan at mga numero ng kaso kung kailangan mong makipag-ugnayan sa kanila ulit.